Mensahe Anim

# Namumuhay Kasama ang Dibinong Trinidad
# (3)
# Ganap na Pagdaranas at Pagtatamasa sa Dibinong Trinidad

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 28:19; 2 Cor. 13:14; Apoc. 1:4-5; 4:5; 5:6

**I. Ang pinakamalinaw na pahayag hinggil sa Dibinong Trinidad sa Bagong Tipan ay nasa Mateo 28:19, na nagsasalita tungkol sa pagbabautismo "tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo":**

A. Bagama't ang Diyos ay namumukod-tanging iisa, mayroong tatlong persona—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—b. 19.

B. Sa isang panig, ang Mateo 28:19 ay nagsasalita tungkol sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo; sa kabilang panig, sa bersikulong ito ay mayroon lamang isang pangalan—ang pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

1. Ang pangalan ay ang kabuoan ng Diyos, katumbas ng Kanyang persona.
2. Kasama sa isang pangalan ang tatlo—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo—at inihahayag nito na ang Diyos ay tatlo-sa-isa.
3. Ang bautismuhan ang mga mananampalataya tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang ilubog sila sa lahat ng kung ano ang Tres-unong Diyos at dalhin sila tungo sa persona ng Tres-unong Diyos nang sa gayon ay magkaroon sila ng organikong pakikipag-isa sa dibinong personang ito—b. 19.

C. Ang mabautismuhan tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo ay isang malalim na bagay—1 Cor. 12:13; Gal. 3:27:

1. Sa Mateo 28:19 ang *tungo sa* ay nagpapahiwatig ng pakikipag-isa, gaya sa Roma 6:3 at Galacia 3:27.
2. Ang mabautismuhan tungo sa pangalan ng Tres-unong Diyos ay ang mailagay tungo sa isang mistikong pakikipag-isa sa Kanya at iangkop anuman ang Tres-unong Diyos tungo sa ating katauhan—Mat. 28:19.

D. Ang atas na ibinigay sa Mateo 28:19 ay ibinigay ng Panginoong Hesus pagkatapos Niyang pumasok sa pagkabuhay na muli, na siyang pagpapasukdol ng proseso ng Tres-unong Diyos:

1. Ang Tres-unong Diyos ay dumaan sa isang proseso na nagsimula sa pagkakakatawang-tao, kabilang ang pantaong pamumuhay at pagkapako sa krus, at napasukdol sa pagkabuhay na muli—Juan 1:14; Rom. 6:4.
2. Sa pagkabuhay na muli, si Kristo, ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, ay naging ang Espiritung nagbibigay-buhay, ang pagpapasukdol ng Tres-unong Diyos, upang ang mga mananampalataya ay mabautismuhan tungo sa Dibinong Trinidad—1 Cor. 15:45; 2 Cor. 3:17.
3. Ang mabautismuhan tungo sa persona ng Trinidad ay ang mabautismuhan sa nagpapaloob ng lahat, napasukdol na Espiritu na siyang sukdulang kaganapan ng naprosesong Tres-unong Diyos—Mat. 28:19:
   a. Ito ang mabautismuhan tungo sa mga kayamanan ng Ama, tungo sa mga kayamanan ng Anak, at tungo sa mga kayamanan ng Espiritu—Efe. 3:8.
   b. Bilang mga nabautismuhan, tayo ngayon ay nasa isang organikong pakikipag-isa sa Tres-unong Diyos; samakatuwid, anumang mayroon ang Ama, anumang mayroon ang Anak, at anumang tinatanggap ng Espiritu ay nagiging atin—1 Cor. 6:17; Juan 15:4-5, 7.

II. **Ang ganap na maranasan at matamasa ang Dibinong Trinidad ay ang makilahok sa pag-ibig ng Diyos, sa biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo, at sa pagsasalamuha ng Espiritu Santo—2 Cor. 13:14:**

A. Ipinapakita sa atin ng 2 Corinto 13:14 ang tatlong persona sa tatlong aspekto—ang Diyos Ama (pag-ibig), ang Panginoong Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos (biyaya), at ang Espiritu Santo (pagsasalamuha).

B. Ang pag-ibig ng Diyos Ama ay ang pinagmumulan, yamang ang Diyos ang pinanggagalingan; ang biyaya ng Panginoon ay ang daluyan ng pag-ibig ng Diyos, yamang ang Panginoon ang kahayagan ng Diyos; at ang pagsasalamuha ng Espiritu ay ang pamamahagi ng biyaya ng Panginoon kalakip ang pag-ibig ng Diyos, yamang ang Espiritu ay ang paghahatid ng Panginoon kasama ang Diyos, para sa ating pagdaranas at pagtatamasa sa Tres-unong Diyos—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo—b. 14; Mat. 28:19.

C. Ang pag-ibig, biyaya, at pagsasalamuha sa 2 Corinto 13:14 ay tumutugma sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo sa Mateo 28:19:

1. Ang biyaya ng Panginoon ay ang Panginoon Mismo bilang buhay sa atin para sa ating pagtatamasa— Juan 1:17; 1 Cor. 15:10.
2. Ang pag-ibig ng Diyos ay ang Diyos Mismo bilang ang pinagmumulan ng biyaya ng Panginoon—1 Juan 4:9.
3. Ang pagsasalamuha ng Espiritu Santo ay ang Espiritu Mismo bilang ang paghahatid ng biyaya ng Panginoon kasama ang pag-ibig ng Diyos para sa ating pakikilahok—2 Cor. 13:14.
4. Ang pag-ibig ng Diyos Ama ay naihahayag sa biyaya ni Kristo na Anak, at ang biyaya ni Kristo na Anak ay nasa pagsasalamuha ng Diyos na Espiritu upang maihatid sa mga mananampalataya—Juan 3:16; 1:17, 16:
    a. Sa pamamagitan ng pagsasalamuha ng Espiritu Santo, ang biyaya ay nakaaabot sa atin—2 Cor. 13:14.
    b. Ang biyaya ni Kristo ay nagmumula sa pag-ibig ng Diyos, at ang biyayang ito ay naihahatid sa atin at pumapasok sa atin sa pamamagitan ng pagsasalamuha ng Espiritu Santo—b. 14.
    c. Upang maranasan at matamasa ang biyaya ng Panginoon, kailangan nating mapasa pagsasalamuha ng Espiritu Santo, at habang tinatamasa natin ang biyaya ng Panginoon, nalalasap natin ang pag-ibig ng Diyos—Juan 1:14, 16; 1 Juan 4:9-10.

D. Sa Dibinong Trinidad ay naroon ang pinagmumulan, ang daluyan, at ang pagdaloy—2 Cor. 13:14:

1. Ang pinagmumulan, ang bukal, ay ang pag-ibig ng Diyos—Juan 3:16; 4:14.
2. Ang daluyan, ang pag-apaw, ay ang biyaya na inihayag at inihatid sa atin ng Espiritu—1 Cor. 16:23.
3. Ang pagdaloy ay ang Espiritu Santo bilang ang pagsasalamuha, ang paghahatid, ang sirkulasyon, ng biyaya ni Kristo kalakip ang pag-ibig ng Ama—2 Cor. 13:14.

III. **Ang ganap na pagdaranas at pagtatamasa sa Dibinong Trinidad ay pinasusukdol ng Isa na ngayon, na nakaraan, at na darating, ng pitong Espiritu, at ni Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa—Apoc. 1:4-5:**

A. Ang Apocalipsis 1:4 ay nagsasalita tungkol sa Diyos bilang Isa na ngayon, na nakaraan, at na darating:

1. Ito ang kahulugan ng pangalang Jehovah:

   a. Sa Hebreo, ang Jehovah ay nangangahulugang "Ako ay ang Ako nga"—Exo. 3:14, 6.
   b. Ang Kanyang pagiging Ako nga ay sumasagisag na Siya ang Isa na umiiral mula sa kawalang-hanggan tungo sa kawalang-hanggan.
2. Ang Diyos lamang ang Isa na ngayon, ang tanging Isa na may realidad ng pag-iral.
3. Sinasabi ng Hebreo 11:6 na "ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang Siya nga":
   a. Ayon sa Hebreo 11:6, Ang Diyos nga, at dapat tayong sumampalataya na Siya nga.
   b. Bilang ang Isa na ngayon, na nakaraan, at na darating, ang Diyos ay ang sariling-umiiral na Isa at ang palagiang-umiiral na Isa, ang Isa na ang pag-iral ay hindi nakasalalay sa anuman maliban sa Kanyang sarili, at ang Isa na umiiral nang magpasawalang hanggan, na walang pasimula ni katapusan—Exo. 3:14.
   c. Ang sumampalataya na ang Diyos nga, ay ang sumampalataya na Siya ang lahat-lahat sa atin at tayo ay walang anuman—Juan 8:58; Eccl. 1:2.
   d. Ang sumampalataya na ang Diyos nga ay nagpapahiwatig na tayo ay hindi; Siya lamang ang dapat na Isa, ang natatanging Isa, sa lahat ng bagay, at dapat tayong maging walang anuman sa lahat ng bagay—Heb. 11:5; Gen. 5:22-24.

B. Sinasabi ng Apocalipsis 1:4 "ang pitong Espiritu na nasa harap ng Kanyang trono":
1. Sa aklat ng Apocalipsis ang Espiritu ay tinatawag na pitong Espiritu (1:4; 4:5; 5:6), ang pitong ulit na pinatinding Espiritu.
2. Ang pitong Espiritu sa Apocalipsis 1:4 ay walang dudang ang isang Espiritu ng Diyos (Efe. 4:4) sapagkat Sila ay karanggo ng Tres-unong Diyos.
3. Kung paanong ang pito ay ang bilang para sa kakumpletuhan sa paggawa ng Diyos, gayon din ang pitong Espiritu ay dapat na para sa pagkilos ng Diyos sa lupa—Apoc. 4:5:
   a. Sa esensya at pag-iral, ang Espiritu ng Diyos ay isa.
   b. Sa pinatinding pangsyon at gawain ng paggawa ng Diyos, ang Kanyang Espiritu ay pitong ulit—1:4.
4. Ang titulong *ang pitong Espiritu* ay nagpapahiwatig na ang Espiritu ay pitong ulit na pinatindi; pinatitindi ng Espiritung ito ang lahat ng elemento ng Espiritu: pagkadibino, pagkakatawang tao, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, realidad, at biyaya—3:1.
5. Ayon sa Apocalipsis 5:6, ang pitong Espiritu ng Diyos ay ang pitong mata ng Kordero:
   a. Si Kristo bilang ang nagtutubos na Kordero sa trono ay may pitong nag-mamasid at nagsasaliksik na mga mata para sa pagsasagawa ng paghahatol ng Diyos sa sansinukob upang tuparin ang walang hanggang layunin ng Diyos, na mapasusukdol sa pagtatayo ng Bagong Herusalem—4:5; 21:2, 9-10.
   b. Ang pitong Espiritu bilang ang pitong mata ng Kordero ay para din sa pagsasalin.
   c. Kapag tinitingnan tayo ni Kristo ng Kanyang pitong mata, ang mga matang ito, na siyang ang pitong Espiritu, ay magsasalin ng elemento ni Kristo at ng KristoMismo tungo sa atin para sa ating transpormasyon—5:6.

C. Binabanggit ng Apocalipsis 1:5 ang tungkol kay "Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pangulo ng mga hari sa lupa":
1. Bilang ang buhây at tapat na Saksi ng Diyos, si Kristo ay ang Isa na nagpapatotoo hinggil sa Diyos hindi lamang sa pamamagitan ng Kanyang salita at mga gawa

bagkus sa pamamagitan din ng kung ano Siya; ang Kanyang persona ay ang patotoo ng Diyos—b. 5a.

2. Ang pagiging Panganay sa mga patay ni Kristo ay tumutukoy sa Kanyang pagkabuhay na muli; Siya ang buhay na Isa—ang Isa na namatay at ngayon ay nabubuhay magpakailanpaman, nagtataglay ng mga susi ng kamatayan at ng Hades—bb. 5b, 18.
3. Sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan ang Panginoong Hesus ay ang Pangulo ng mga hari sa lupa—b. 5c:
    a. Pagkatapos dumaan sa pagkakatawang tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa kalangitan, Siya ay iniluklok sa ibabaw ng lahat ng mga hari—5:6.
    b. Ang Panginoong Hesus, ang iniluklok na Isa, ay namumuno sa ibabaw ng lupa, sa buong mundo, bilang ang Pangulo ng mga hari sa lupa—1:5c.

*© 2021 Living Stream Ministry*